Abril - Hunyo 2018 [Tomo 2 Bilang 6]

# DAGLI

ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG CARD MBA

# 11 BAGONG SCHOLARS NG CARD MBA KINILALA



Karagdagang labing isang (11) scholars ang kinilala ng CARD MBA sa katatapos lamang na malawakang ***CSP Qualifying Examination*** para sa mga anak ng MBA Coordinators at mga anak ng Kasapi ng Build-Operate-And-Transfer (BOAT) Program Partners para sa taong 2018. Mahigit 70 na mga estudyante ang lumahok sa taunang pagsusulit para sa CARD Scholarship Program (CSP) sa taong 2018 sa pangunguna ng CARD MBA. Ang mapipili ayon sa nakuhang marka sa pagsusulit ay tatanggap ng tulong pinansyal (scholarship allowance) na nagkakahalaga ng Php 12,000 kada taon.

Sa kabuuan, mayroong labing pitong (17) scholars ang sinusuportahan sa BOAT Partners at pito (7) naman sa mga anak ng MBA Coordinators. Samantala, labing siyam (19) na ang nakapagtapos ng kolehiyo sa tulong ng Samahan. Hangad ng CARD MBA ang pagkakaroon ng magandang edukasyon para sa mga anak ng kasapi.

**CSP – Para sa mga Anak ng MBA Coordinators**

| SN | Student's Name | Mother's Name | Unit-Center |
|---|---|---|---|
| 1 | Arianne D. Ermitanio | Nieves D. Ermitanio | Tarlac 5 – Tulips |
| 2 | Juicy Ann M. Federico | Juanita M. Federico | Polangui 1 – Sampaguita 3 |
| 3 | Romadel C. Esperanzate | Maricel C. Esperanzate | Dimasalang 1 – Matiyaga C4 |
| 4 | Nelve Grace V. Ibojo | Nelly V. Ibojo | Sta. Josefa – Jupiter |

**CSP – Para sa BOAT Partners (Anak ng mga Kasapi)**

| SN | Student's Name | Mother's Name | BOAT Partner-Unit |
|---|---|---|---|
| 1 | De Pedro, Dan Mark L. | De Pedro, Grace L. | USWAG – Guinbaliwan |
| 2 | Quives, Allyn Jane A. | Quives, Alma A. | USWAG – Balete |
| 3 | David, Jenelyn V. | David, Ma. Ailyn V. | USWAG – Altavas |
| 4 | Balazuela, Ma, Fritchel D. | Balazuela, Edelyn D. | USWAG –Guinbaliwan |
| 5 | Dela Cruz, Jonel B. | Dela Cruz, Ma. Joy B. | USWAG – New Washington |
| 6 | Rasay, Bethel Grace C. | Rasay, Lucilie C. | BINHI – Kisolon |
| 7 | Nadal, Marilou C. | Nadal, Emma C. | BINHI – Manolo Fortich |

## 23 PARES IKINASAL (Mass Wedding)

May kabuuang dalawampu't tatlong (23) pares ang naipakasal at nabigyan ng benepisyo sa ilalim ng programang **Mass Wedding** ng CARD MBA mula sa lalawigan ng Quezon (Dolores), Laguna (Bay), at Leyte (Kawayan at Marpipi) mula sa buwan ng Abril hanggang Hunyo ng taong kasalukuyan.








## CARD Bank, BotiCARD at CARD MBA sanib pwersa!




Mas pinalawak at mas pinagandang opisina para sa mga kasapi sa Davao City (Davao 1 PO) ang binuksan noong ika-18 ng Hunyo, 2018.

**Pinagsanib na ang pwersa ng tatlong institusyon** (banking, microinsurance, at health needs) na tumutulong sa mga kasapi sa pagbibigay ng dekalidad na serbisyo sa iisang tanggapan na matatagpuan sa Rizal St., corner Anda St., Brgy. 3-A, Davao City.

Ang makasaysayangang pagtitipon na ito ay dinaluhan ng mga CARD MRI institutional heads, Board of Trustees, kawani, at mga miyembro ng CARD Bank. Sa kabuuan may 55 POs na sa buong bansa.

## 55 NANAYS NAGTAPOS NG ONLINE COURSE



Unang batch na binubuo ng limampu't limang (55) MBA Coordinators na E-learners ng ***Online Course on Microinsurance*** ang tumanggap ng kanilang sertipiko ng pagtatapos sa CMDI, Inc. Bay, Laguna noong ika-22 ng Abril, 2018.

Sila ay nagmula sa mga lalawigan na sakop ng Luzon 2 Region (South Luzon). Ang online course na ito, bagaman hindi pamilyar ang iba sa paggamit ng *computer* at *internet* ang naging daan upang sila ay magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga produkto at polisiya ng Samahan.

## MEMBERSHIP AT CLAIMS UPDATE (Year To Date)

**4,701,119**
Aktibong Kasapi

**16,849,415**
Bilang ng nakaseguro

**373,693** Naiprosesong Claims
**PHP 711,416,124.48**
Nabayarang benepisyo mula Enero hanggang Hunyo 2018

**CDRAP**
**32,689**
Family Packs

**Mass Wedding**
**45**
Pares

**95.53%**
Nabayarang Claims sa loob ng **8-24 Hours Claims Strategy**

**EDITORIAL BOARD:**
Editor–in-Chief: **May S. Dawat**
Associate Editor: **Jennifer O. Redublo**
Writers / Lay-out Artists: **Cristy C. Enriquez** and **Ivan B. Atendido**
Contributors: **Compliance Unit, Claims & Technical Support Department,** and **DCC & Underwriting Unit**